# TILAMSIK
# *ng* HARAYA

FERDIE L. EUSEBIO

# TILAMSIK *ng* HARAYA

FERDIE L. EUSEBIO

Karapatang-sipi © 2017 ni Ferdie L. Eusebio
Disenyo © 2017 nina Ferdie L. Eusebio at Jairene Cruz-Eusebio
Batong Malake, Los Baños, Laguna
Para sa libreng digital na kopya, bisitahin ang website na www.SulatKamay.com
Reserbado ang lahat ng karapatan, kasama na rin ang karapatan sa reproduksyon at paggamit sa anumang anyo at paraan, maliban na lamang kung may nakasulat na permiso at/o berbal na pagsang-ayon mula sa may hawak ng karapatang-ari.

# Nilalaman


| | |
|---|---|
| Pambukas | 1 |
| Para Kay Jaymee | 2 |
| Para Kay Himig | 3 |
| Senyas | 5 |
| Noong Ako'y Munting Binhi Pa Lamang | 6 |
| Paghihiwalay | 7 |
| Hibiscus rosa-sinensis | 9 |
| Pag-iisa (Eklipse) | 10 |
| Alon | 11 |
| Pag-iisa 2 | 12 |
| Unang Ulan ng Mayo | 13 |
| Pistang Bayan | 14 |
| Gagamba | 15 |
| Tupada | 16 |
| Pag-iisa 3 (Awards Night) | 17 |
| Ang Kalungkutan | 19 |
| Pumatay Ako | 21 |
| Maging Ang Katahimikan | 22 |
| Nawawala | 23 |
| Ang Dagat Sa Ating Pagitan | 25 |
| Para Kay Jaymee 2 | 27 |

# INTRODUKSYON

Matagal-tagal na rin akong nagsusulat ng mga tula. May tula ng pag-ibig, may tulang pulitikal, at may tulang tungkol sa sarili. Lahat ng puwedeng maisip ng isang bagitong manunulat ay naisulat ko na. Dangan nga lamang at sa dinami-rami ng aking mga isinulat na tula, wala ni isa ang nagkaroon ng pagkakataong mailimbag o mapasama sa anumang antolohiya. Kaya naman ang karamihan sa mga ito ay pawang niluma na ng panahon sa mga *file folders* ng aking *computer*. Sa kasamaang palad, ang iba sa mga ito ay nabura ko nang hindi sinasadya.

Hanggang sa mauso ang Facebook. Sa Facebook ay nagkaroon ako ng pagkakataong maisapubliko ang aking mga akda. Di naglaon ay dumami nang dumami ang mga ipino-post kong tula sa aking FB account. Ang siste, kalat-kalat ang nangyaring paglalabas ng mga tula. Ngunit dahil sa kaliwa't kanan din ang mga namamayagpag na bagay na pwedeng pagtuunan ng atensyon ng mga tao sa *internet*, partikular sa social media, hindi nabigyan ng kaukulang pansin ang aking mga tula.

Ngunit isang kaibigang masugid na nagla-like sa mga post kong tula ang nag-udyok sa aking maglabas ng libro ng aking mga akda. Isang bumbilya ang agad nagliwanang sa aking isipan:

Napapagpasyahan kong mag-*self publish*.

Sapagkat mahal ang gastos sa pagpapalimbag ng sariling libro, naisipan kong gawing e-book ang kaunaunahang koleksiyon ko ng mga tula. Tutal naman, nabubuhay na rin lang tayo sa birtwal na realidad, bakit hindi pa natin bigyan ng pagkakataong magkakopya ng tula ang masang hiniraman ko ng karanasan? Ito ang isa pang dahilan kung bakit nagpasya akong gawing libre ang aking kauna-unahang koleksyon ng mga tula. Sa gayon, hindi na nila kailangang problemahin pa kung saan mapupunta ang kanilang kinita sa araw na iyon. Puwedeng puwede na nilang basahin ito saan man sila naroroon kahit walang *internet connection*. At dahil palasak na rin ang paggamit ng *tablet* o *cellphone* saan mang lupalop ng daigdig; PDF Reader lang ang kailangan at magkakadaupang-palad na rin tayo.

Kung si Rizal nga ay ginawa ang lahat upang maisakatuparan ang kanyang pangarap na isalibro ang kanyang akda, ako pa kayang napaliligiran na ng teknolohiya ng ating panahon?

Marahil ay naitatanong ninyo, "bakit kaya *Tilamsik ng Haraya* ang napiling pamagat ng kumag na ito?" Sa tingin ko kasi, ang tatlong salitang ito ang pinakamagaling na representasyon ng mga tulang nakapaloob sa kauna-unahang koleksyong inyong matutunghayan ngayon. Tilamsik ito ng aking kaisipan sa iba't ibang mga bagay sa aking paligid – sarili, pag-ibig, kalungkutan, pamilya, kuro-kurong pulitikal, at iba pa.

Ipagpaumanhin nga lamang at hindi ito kasinghusay ng mga tulang katha ng mga premyado at pangunahing makata ng ating panahon. Ang inyo pong mababasa ay batay pa rin sa kasalukuyang antas ng aking kasanayan sa pagsusulat ng tula. Hindi man ito kasinggaling ng mga paborito ninyong akda, ang mga ito naman ay pinagbuhusan ko ng lakas, panahon, at talino.

Maraming salamat po, at mabuhay kayo!

*Ferdie L. Eusebio*
*16 Enero 2018*
*Los Baños, Laguna*

*Para kina Malaya Himig at Jaymee;*
*ang gatas at asukal na nagpapasarap ng aking kape.*

# Pambukas

Kagaya ng *zipper* sa iyong pantalon
De-boteng serbesa na pangpakondisyon
Saka ng de-latang pamawi ng gutom;
Ang akda kong ito, bago mo mabasa
Kailangan ng isang pirasong pambukas.
Ang mga pahinang gusto mong mabuklat
Ay batbat ng danas na hiram sa madla
Ngunit 'di lamang 'yan ang nais ipukol
Ng aklat na itong nagtangkang magtanong:

Tula bang ituring kung hindi sang-ayon
Sa *standards* ng sining ng henyo't marunong?


# Para Kay Jaymee

Humagulhol ang langit

Sa sahig ng daigdig

At lumabas sa putik;

Bulaklak na marikit



# Para Kay Himig

Lumundag kang parang palaka
at kumilos nang malayang malaya.
Umakyat kang tila matsing
at lihim ng gubat ay iyong alamin.
Tumakbo kang parang kabayo
at sumabay sa bilis ng ikot ng mundo.
Lumangoy kang wangis ng butanding
at maglakbay sa hiwaga ng dagat na malalim.

Hayaang lumipad kagaya ng ibon
ang pangarap mo at imahinasyon
Iyo ding tularan ang bunying langgam
na puspos ng sipag ang buong katawan.
Maging mahinahon na parang pagong;
lahat ay makakamit sa tamang panahon.
Maging matapat kang kaparis ng aso
kaibigan at magiliw sa pamilyang tao.

Iwasang sumama sa mga buwaya
at baka sa kasakiman ikaw ay mamihasa.
Ikaw ay lumayo sa mga hunyango
kulay nila'y huwad at mapagbalatkayo.
Huwag kang gagaya sa mga ahas
na nanunuklaw sa nagpapakaing palad.
‘Wag ding pangaraping ika’y maging anay;
sila'y pesteng sumisira sa haligi ng bahay.

Hayop mang kaaway o kaibigang matalik
sa asal at bait, tao ang kahawig
Kung paano mo ituring, ituring ka'y ganun din
kung iyong lilingapin, ikaw di'y lilingapin.
Hayop mang ituring, may taglay silang dunong
kaya pakaisipin, bilin namin ngayon
Bata, sa daigdig, ito ang totoo:
“Madaling maging tao, mahirap magpakatao.”

# Senyas

Pinagmamasdan ko ang bawat galaw
Ng iyong bibig pati na rin katawan
Baka sakaling aking maunawaan
Kung anong nais mong ikumpisal.
Nagtatanong ka sa sarili marahil
Kung ang tinig ko'y malambing
Hindi ko na lamang sasabihin
Pagkat ako'y sadyang mahiyain.
Ibig mo bang ako'y mapakilig?
Nais mo bang kita'y laging maisip?
Hangad ko kasing maranasan saglit
Ang ligaya kapag may ibong umaawit
Ngunit ako'y nangangamba
Sa tuwing kita'y nakikita
Baka ang mga matatamis mong pag-alala'y
Hindi matumbasan ng mga senyas ko, sinta.

# Noong Ako'y Munting Binhi Pa Lamang

Noong ako'y munting binhi pa lamang
Sa sinapupunan ng lupang tigang
Ako ay iyong iningatan
At tiniyak na kahit paano'y mahamugan.
At nang sumibol na ang aking mga ugat
Ako'y pinausbong mo patungong alapaap
Dahil sa bawat araw at gabing lumipas
Tiniyak mong dahon ko'y 'wag malagas.
Paglipas ng ilang tagtuyot at unos
Ako'y naging isang punong matayog
At sa tulong ng mahabaging Diyos
Bunga ko'y malapit na ring mahulog.
Naisip kong kundi dahil sa'yo
Hindi titibay mga ugat at sanga ko
Magpahanggang ngayon ako'y dinidilig mo
Gayong magkaibang puno na tayo sa ibabaw ng
mundo.

# Paghihiwalay

Ang paghihiwalay
Ay parang paggapas sa uhay
Na binungkos-bungkos
Ng mga Dakilang Kamay
At kapag tabas na ang tangkay
Maiiwan ang pinag-ugatan
Upang matuyo't mabulok
Sa bitak na lupang
Kanilang pinagsamahan

Kagaya din ito
Kung paano nagiging bigas
Ang gintong butil ng palay -
Binabayo, ginigiling
Prosesong uulit-ulitin
Hanggang matambad
Ang munting butil na hubad
Sa pinagbalutang ipa

Wala itong pinag-iba
Sa mainit na kaning
Ating isinubo
Sa pagmamadali
At nang mapaso'y
Iniluwa dagli
Pagkat mainit ang katotohanang
Dumampi sa ating mga labi

At matatanong, sinta:
Alin kaya sa ating dalawa
Ang naging bigas at ipa
Ngayong 'di na tayo
magkasama?

# *Hibiscus rosa-sinensis*

Wala mang bango
Ang kanyang mga talulot
Na sinimsim ng nagdaang taon;
Banaag pa rin
Ang pamumukadkad
At pamamayagpag
Ng ganda niyang angkin.
At sa darating pang panahon
Muling maninikluhod
Sa kanya ang mundo.



# Pag-iisa (Eklipse)


Ang bawat gabi ay dalamhati ng araw
Dahil sa buwang minsan lang dumalaw
Sa tagal ng kanilang 'di pagkikita
Ang mundo'y muntik nang mawalan ng pag-asa
Ang buwang namimighati
Ay may pagnanasang sumisidhi
At kung may pagkakataong sandaling
Sa araw ay humalik; siya'y magmamadali
Kahit pa humarang sa huklubang planeta
Sisimsimin, susulitin ang nakahaing ligaya
Sapagkat matagal pa uli ang susunod na tagpuan
At muli siyang mananabik sa nag-iisang araw

# Alon

Giliw, tularan natin ang alon;
Hinahagka't hinahagod
Ang dalampasigang
Inuugoy ng daluyong.
Kapag ang dagat ay hinahon
Doon tayo lumusong
At saka sisirin ang pusod
Ng hiwagang nakahimlay.
At kagaya pa rin
Ng mahinhing alon;
Ating itulak-kabigin
Ang damdaming naglalangoy
At nagtatampisaw sa baybayin
Ng banayad na daluyong.

## Pag-iisa 2

Nag-aanyaya ang mga bituin
Na pagmasdan ang ganda nila sa dilim
Habang ako'y nakahiga sa bakanteng lote
Walang karamay kundi beer na de-bote
At ang buwan sa aking harapan
'Di ko akalaing sa akin pala nakasubaybay
Matagal pa raw ang eklipse
Kaya't mag-aaliw daw muna siya ng sarili
Teka muna; akin lamang iisipin
Ang huling alak ba'y aking tatagayin?



# Unang Ulan ng Mayo

Dalangin ko ngayong umaga
Bago humigop ng kape
At pumasok sa trabaho –
"Sana'y maambunan man lang
Ng konting taas sa sweldo
At iba pang mga benepisyo
Sana'y hindi rin ma-endo
Gaya ng ibang empleyado"
Ngunit may kulimlim
Sa aking papawirin
Parang nagse-senti
Ang masungit na langit.
Tiyak na naman ang trapik
At ako'y male-late ulit
Uulanin ng ako sermon
Babaha din ang aking katwiran
Ganito ang daratnan kong eksena
Sa minamahal kong pabrika
Ngayong unang ulan ng Mayo.

# Pistang Bayan

Dinumog nila
Ang lutong ng ulo
Pinapak din
Ang nakabuyangyang na katawan
Ganito kaligaya
Ang mga langaw at uod
Sa dinatnan nilang eksena
Dito sa nag-aagaw dilim na kalsada.

‘Di mabilang ang nakidalo
Sa salu-salong ito
Halos lahat ay nagpipista
At nagsasaya
Sa kapalaran
Ng nakahandusay na nilalang.

Habang ang matadero
Ay muling naghahasa ng kutsilyo't
Ineerhersisyo ang gatilyo
At nag-aabang kung kailan
Ang susunod na handaan.

# Gagamba

Ba't 'di natin tularan
Ang mabunying gagamba?
Ang likha n'yang tahanan
Tinuturing n'yang kanya.
Kanya ang bawat hiblang
Sumasabit sa dahon
Kumakapit sa sanga
Tumutulay sa kahoy.
Kahoy na s'yang tanggulan
At s'yang tahanang aba
S'ya ring ikamamatay
'Pag kinuha ng iba.



# Tupada

Para tayong mga manok
Na pinagsasabong
Sa malawak na larangang
Kung tawagin ay lipunan.
At ang nagpapakilalang Kristo
Ay may lagim ang ebanghelyo
Na tila hanep na nanunuot
Saan mang dako't direksyon.
Kung tapos na ang tupada
At nakuha na ang pusta
Tayo ay dadalhin sa katayan
Upang maging pulutan
Ng sabungerong lasing.
Ganito ang trato sa ating
Manok ng bayan kung turingan.
Hangga't ganito ang katwiran;
Isang kahig, isang tuka
Ang laging kapalaran at tadhana
Ng sawimpalad na madla
Sa kulungan niyang bansa.

# Pag-iisa 3 (Awards Night)

Nais kong pasalamatan
Ang mga binti ko at talampakan
Sa palagiang pag-alalay
Sa oras ng pangangailangan
Dahil sa inyong suporta
Ako'y nakatayo sa sariling mga paa

Tumatanaw din ako ng utang na loob
Sa aking nakukubang gulugod
Ikaw ang sandalan kong lubos
'Pag ang mundo sa aki'y tumatalikod
Sa'yo ako laging umaasa
Kapag ako'y nalulugmok sa problema

Inaalayan ko naman ng mga palakpak
Ang pinagkakatiwalaan kong mga balikat
Gumagaan ang lahat ng mabigat
'Pag iniatang ko sa inyo ang aking mga buhat
Karangalan kong kayo'y makitang
Palaging nandiyan sa gabi at umaga

Gusto ko ding ipagbunyi
Lahat ng aking mga daliri
Sa pagpawi ng luha ko sa pisngi
At pagdamay sa akin sa pagbibilang ng sandali
Hangad kong sa tuwi-tuwina
Tumagal ang ating pagsasama

At sa mga ngipin kong mapuputi
Kayo ang nagpapatamis ng aking ngiti!



# Ang Kalungkutan

Ang kalungkutan
ay parang kaibigang
matagal nang napawalay
Bigla siyang daratal
nang 'di mo namamalayan.
Tatawagin ka niya
nang walang abiso
sa gitna ng pagpapahinga
o sa tambak ng trabaho.
At bigla mo na lang matatagpuan
ang sarili mong s'ya'y kayakap
at magiliw na kausap.
Yayayain ka niyang sariwain
ang mga kapanapanabik na sandaling
kaytagal mo nang hindi nadarama.
Aakayin ka rin niyang alalahanin
ang mga taong hindi nakakapiling.

Inyo ring mapag-uusapan
mga tagumpay at kabiguang
parang buhos ng ulan
kung iyong maranasan.
Kagyat kang magtataka
sa kanyang pagdalaw
ngunit iyo ring makikitang
kayo'y nagkakaunawaan.
At sa sandaling siya'y magpaalam
Hihimukin ka niyang
sa kanya'y sumama
Mamumukat mo na lamang
magkasama na kayong naglalakad
at magkadaupang-palad
sa lansangang mapanglaw
na kayo lang ang nagdaraan.

# Pumatay Ako


Pumatay ako ng kulisap
Hindi basta lamok o langaw na makulit
O anumang kumag na kung kumagat ay masakit
Basta insektong hindi ko lang nagustuhan
Nang mapadapo sa aking ulunan
At iyong kulisap nang aking mahampas
Ako'y natuwa't agad nahimasmasan
Dahil hindi uubra ang gayong ugali niya
Ugaling talagang hindi ko kinikilala
At hindi ko rin naman siya nakikilala
Kaya naman nang ako'y tanungin
Kung bakit ko ginawa, agad kong binanggit:
Pinatay ko
Dahil nanlaban ito.

# Maging Ang Katahimikan

Maging ang katahimikan
Ay nauumid ang dila
Sa kanyang nasasaksihan
Kapag gabi ay payapa

Maging ang katahimikan
Ay naghahanap ng kausap
Habang pinaglalamayan
Ang haba ng magdamag

At kung mahahanap niya
Ang makikinig na tainga
Ano kayang ibibida
Ng libo't isa n'yang istorya?




# Nawawala

Sa tuwing nadaragdagan
Ang puwang sa ating pagitan
Lagi't laging may nawawala
Sa aking mga piraso
Dulot ng pangungulila

Nawawala ang aking mga matang
Nasasabik na makita
Ang tamis ng iyong ngiti
Hinahanap ko ito sa mga lugar
Na sinusubukan kong mamalagi
Ngunit wala doon
Ang tanawing nais kong tingnan.

Nawawala ang aking mga taingang
Natuto nang umasa
At maghintay sa 'yong tinig
Hinahanap ko ito sa dagat
Ng nakabibinging katahimikan
Ngunit wala doon
Ang himig na nais kong pakinggan.



Nawawala din ang aking panlasa
Sa tuwing hinahainan
Ng paborito nating putahe
Hinahanap ko ito sa paglunok
Ng ibang pagkain at inumin
Ngunit wala doon
Ang tamis na nais kong tikman.

Magkagayunpaman;
Ikaw din ang nakakatagpo
Ng mga bahagi ng buhay ko
Muli akong nabubuo
Kung naririnig ka't nasisilayan
Sa liham man, litrato o telepono
Sa loob ng ilang minuto
Sumasarap na rin
Ang aking kinakain
Kahit 'di ka kasalo.

At sa tuwing nadaragdagan
Ang puwang sa ating pagitan
Kahit paano'y nawawala
At nagkakapira-piraso
Ang aking pangungulila...

Dahil sa'yo.

# Ang Dagat Sa Ating Pagitan

Kasabay ng ihip ng hanging malamig
at mabining alon sa dalampasigan
Ay nadudurog ang puso ko't isip
at humahalo sa buhanginan.
Malaon ko nang ibinuhos sa dagat
ang bigat ng patak ng luha
Ngunit nagbabalik ang dating alat
nang magsalubong ang ating bangka.

At bahagyang sumilip ang araw
sa saliw ng yugyog ng daluyong
Saglit ring nagkalat at nabulahaw
ang payapa kong layag at timon.
Kasabay ng alaala ay sumulyap
ang makulay na dulo ng bahaghari
Na ating marahang pinalipas
sa banayad ngunit mapait na ngiti.

At muli kong mahigpit na kinapitan
ang sagwan at ibinaling ang katig
Taliwas sa ihip ng hanging umiiral
at nagsagwan palayo sa 'yong panig.

Saka ko namasdan ang ganda ng paligid
at ang lawak ng dagat sa ating pagitan.

## Para Kay Jaymee 2

At sa huli,
Dumapo ang 'yong tingin
Sa lawak ng langit
Na nagkukumot ng itim
Kuminang ang 'yong mga mata
Na parang kislap ng bituing
Sama-samang naiinggit
Sa biloy ng 'yong pisngi
At ako naman
Ay matiyagang nag-aabang
Sa ngiti mong 'sing dalang
Ng pagkahulog ng bituin
Sa kalangitan

# Tungkol Sa May-akda



Musikero, makata, mangingibig, at driver; si Ferdie Eusebio ay isinilang at nagkukuta sa Los Baños, Laguna. Kasalukuyang online writer para sa sandamakmak na business websites sa loob at labas ng Pilipinas. Siya rin ang Editor ng ExpertContentWritersTeam, at kasalukuyang kasapi ng KATAGA-Online. Kapag may oras ay muli siyang nagbabalik sa pag-compose ng mga kanta.